## APPLICATION

- Ano ang ilan sa mga bagay na sa huli ay iyong hinahanap maliban sa Diyos? Sa iyong palagay, ano ang dapat mong gawin upang maituon ang iyong pansin sa Diyos lamang simula sa linggong ito?
- Paano mo magagawa na lalo pang lumapit sa Diyos ngayong linggo? Ano ang isang bagay na gagawin mo sa ibang paraan?
- Ano ang isang bagay na pinaniniwalaan mong sasagutin ng Diyos? Paano mo magagawang mas magtiwala na sasagutin Niya ang iyong panalangin?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang katapatan at hindi nagbabagong pag-ibig. Ipanalangin na patuloy mo siyang pagkakatiwalaan ng lubusan.
- Ipanalangin na sa iyong paglapit sa Diyos, Siya ay iyong makilala. Ipanalangin na maging matatag ang iyong espirituwal na mga disiplina—gaya ng pananalangin, pag-aayuno, at pagsamba—upang mas lalo mo pa Siyang mahalin at makilala araw-araw.
- Maniwala na kikilos ang Diyos sa iyong buhay, sa iyong pamilya, at sa mga miyembro ng iyong *Victory group* ngayong taon.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph



# Walang Takot na Pananampalataya

## NOTES

## WARM-UP

- Nagugustuhan mo ba ang mga pelikula tungkol sa digmaan? Bakit mo ito nagugustuhan o hindi nagugustuhan?
- Ibahagi ang dalawang katangian na hinahanap mo sa isang pinuno? Bakit sila mahalaga para sa 'yo?
- Ano ang iyong nagiging tugon sa tuwing nakakatanggap ka ng hindi mabuting balita? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.

**WORD**

*"O Diyos namin, hindi n'yo po ba sila parurusahan? Sapagkat wala kaming kakayahang humarap sa napakaraming sundalo na lumulusob sa amin. Hindi po namin alam kung ano ang aming gagawin, pero nagtitiwala po kami sa inyo."*
**2 CRONICA 20:12**

(Basahin din ang **2 CRONICA 20:1-11.**)

---

Ang mga Israelita, kasama si Jehoshafat na kanilang hari, ay napalilibutan ng tatlong malalaking hukbo na nagsama-sama upang lupigin sila. Subalit sa halip na humanap ng ibang paraan upang lutasin ang kanilang suliranin, sila ay umasa sa Diyos. Dahil dito, sa halip na magdulot ng kapahamakan, sila ay nakaranas ng katagumpayan. Lahat tayo ay nakararanas ng panahon na tayo ay tila nawawalan ng pananampalataya, lalo na sa gitna ng mga mahihirap na sitwasyon. Subalit ang paniniwala na ang Diyos ay may kakayahan na tuparin ang Kanyang mga layunin ay makapagbibigay sa atin ng pananampalataya na umasa sa Kanya ng ganap. Ang pananampalataya ay pagiging sigurado na ang Diyos ay mapagkakatiwalaan. Pinili ni Jehoshafat na manalig sa Diyos sa kabila ng nahaharap na digmaan. Kinilala niya ang kapangyarihan ng Diyos na iligtas sila mula sa kanilang mga kaaway. Sa araling ito, ating titingnan kung paano natin magagawang lumapit sa Diyos at maniwala sa Kanya para sa ating kalayaan.

## 1 Lumapit sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin.

*Natakot si Jehoshafat at dumulog siya sa Panginoon . . .* **2 CRONICA 20:3**

Si Jehoshafat ay dumulog sa Panginoon sa gitna na isang malaking panganib sa kanyang bayan. Sa lahat ng sitwasyon (panganib, pagsubok, at maging oposisyon) ang dapat nating unang tugon ay ang humingi sa Diyos ng tulong sa pamamagitan ng panalangin. Ang pananalangin ay nagpapalakas ng ating pananampalataya. Nagagawa nating makita ang nasa puso ng Diyos at ang Kanyang kalooban sa ating kinakaharap na sitwasyon. Sa tuwing tayo ay magdarasal, ating kinikilala na ang Diyos ang namamahala ng lahat. Magagawa nating ituon ang ating pansin sa kapangyarihan ng Diyos at hindi sa ating kakayahan. Ano ang kapanatagan na mayroon tayo sa tuwing tayo ay lalapit sa Diyos? (1 Juan 5:14-15)

## 2 Lumapit sa Diyos sa pamamagitan ng pag-aayuno.

*Natakot si Jehoshafat at dumulog siya sa Panginoon. At nag-utos siya na mag-ayuno ang lahat ng taga-Juda.* **2 CRONICA 20:3**

Ang pag-aayuno ay isa sa mga paraan upang tayo ay makapagpakumbaba at kumilala na ang Diyos lamang ang makapagbibigay sa atin ng tagumpay (Mga Salmo 35:13). Inihayag ni Jehoshafat ang panahon ng pag-aayuno at tinipon ang mga mamamayan ng Juda upang lumapit sa Diyos. Sila ay nasa gitna ng isang kaguluhan at alam nila na ang Diyos lamang ang kanilang pag-asa—kung kaya't sila ay nagpakumbaba upang hingin ang tulong ng Panginoon at naniwala na bibigyan sila ng Diyos ng tagumpay. Balikan ang isang pagkakataon kung kailan ikaw ay nag-ayuno at kung paano ipinakita sa iyo ng Diyos ang Kanyang kabutihan sa panahong ito.

## 3 Lumapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsamba.

*[21]. . . "Pasalamatan ang Panginoon dahil ang kanyang pag-ibig ay walang hanggan." [22]At nang nagsimula silang umawit ng mga papuri, pinaglaban-laban ng Panginoon ang mga Moabita, Ammonita, at mga taga-Bundok ng Seir.* **2 CRONICA 20:21,22**

Nang lumapit ang mga mamamayan ng Diyos sa Kanya sa pamamagitan ng pagsamba, ang plano ng kaaway ay nabigo. Sa parehong paraan, sa tuwing tayo ay tila nalulunod sa mga pagsubok sa buhay, maaari nating piliin na sumamba sa Dakilang Diyos, na siyang nagbibigay sa atin ng tagumpay. Binabago ng pagsamba ang balangkas ng ating mga sitwasyon. Sa tuwing tayo ay nakararanas ng panghihina at pinipili nating papurihan ang Diyos sa kabila nito, tayo ay binibigyan Niya ng panibagong kalakasan (Mga Salmo 8:2). Paano nagiging bahagi ang pagsamba sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay?